ANG **Bayan**

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas

Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LII Blg. 6

Marso 21, 2021

www.cpp.ph



EDITORYAL

# Labanan ang pasistang *lockdown* at panunupil

Sukdulan na ang pagdurusa ng mamamayan sa walang kapantay na kapalpakan ng rehimeng US-Duterte sa pagharap sa pandemyang Covid-19, sa kagagawan nitong krisis sa ekonomya at sa walang pigil na teroristang paninibasib sa bayan.

Pumapalo na sa halos 8,000 kada araw ang bilang ng mga nahahawa sa Covid-19 at mahigit 12,900 na ang namatay. Sa harap ng isang taong *lockdown*, lupaypay pa rin ang sistema ng pampublikong kalusugan. Walang libreng *mass testing*, matuling *contact tracing*, libreng paggagamot sa mga nahawa ng Covid-19. Wala pa rin ang maramihang pagbabakuna. Tuwing sumisirit ang kaso ng nahahawa, mapaniil at walang-saysay na *lockdown* ang sagot. Kaya hindi lamang patuloy ang pagkalat ng Covid-19, wasak pa ang ekonomya at kabuhayan, at siil ang milyun-milyong mamamayan.

Dahil sa walang pantay na pinsalang hatid ng *lockdown*, walang magawa si Duterte kundi luwagan ang mga restriksyon sa negosyo. Ngunit dahil hindi naman pinalakas ang sistemang pangkalusugan (kabilang ang pagsasaayos ng suplay ng mga bakuna na usad-pagong), inilalagay lamang niya ang bansa sa banta ng bagong antas ng paglala ng pandemya.

Ngayong sumisirit muli ang dami ng kaso ng Covid-19, *lockdown*, *curfew* at mga tsekpoynt pa rin ang sagot, para lamang palabasing mayroong itong ginagawa. Walang mabuting idudulot ang mga ito kundi dagdag na pagdurusa ng taumbayan. Paghihirap at peligro ang dinaranas ng karaniwang mga tao. Wala na ngang maipambili ng bigas at ulam, paano pa kung magkasakit. Samantalang ang mga upisyal ni Duterte, maya't maya ang pagpapa-*test* gamit ang pondo ng taumbayan. Binuksan ang mga *mall*, pasyalan at sabungan, pero sarado pa rin ang mga paaralan. Nakakulong pa rin ang mga bata't kabataan at hirap na hirap ang mga magulang.

*"Labanan...," sundan sa pahina 2*

## 17 armas, nasamsam ng BHB sa Camarines

LABIMPITONG ARMAS, KASAMA ang 10 matataas na kalibreng armas, ang nasamsam ng mga yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Bicol sa tatlong magkahiwalay na aksyon.

Noong Marso 19, sinalakay ng BHB-Camarines Norte ang *outpost* ng Philippine National Police (PNP) 2nd Provincial Mobile Force Company sa Purok 6, Barangay Dumagmang, Labo, Camarines Norte. Isang *baby* M60 *machine gun*, isang R4 *carbine*, anim na Galil, at anim na pistolang Glock.

Lima ang napaslang, kabilang si Pcpl. Roger Estoy, at dalawa ang sugatan sa mga pulis. Tugon ang taktikal na opensiba sa sunud-sunod na pamamaslang at pang-aatake ng pulis at militar sa mga residente ng Camarines Norte.

Sa Camarines Sur, inambus ng BHB ang nag-ooperasyong PNP Special Action Force at mga sundalo sa Barangay Tigman, Sipocot noong Marso 4. Dalawa ang napatay at dalawa ang nasugatan sa hanay ng kaaway.

Noong Pebrero 1, kinumpiska ng BHB ang mga armas ng goons ng pamilyang Villafuerte sa Barangay Villazar, Sipocot sa parehong prubinsya. Nasamsam ang isang ripleng M16, dalawang ripleng karbin at mga bala. Matagal nang inirereklamo ng mga residente ng barangay ang pananakot at panggigipit ng despotikong pamilya. Isa sila sa malalaking panginoong maylupa at naghahari-hariang upisyal ng barangay.

*"17 armas...," sundan sa pahina 3*

"Labanan...," mula sa pahina 1

Hinaharap ng mga manggagawa, kawani at masang anakpawis ang pinakamalaking peligro ng pagkalat ng bayrus sa punong mga pabrika, upisina, sa masisikip na sasakyang pampubliko at sa kanilang siksikang mga bahay. Samantalang ang malalaking kapitalista ay lumalangoy sa laksa-laksang tubo at kita at may malawak na espasyo sa mga upisina at tahanan para hindi magkadikitan at di magkahawaan. Patuloy din ang korapsyon ng mga burukrata at pinagkakakitaan ang pondong pambayan.

Napakalaking palpak ng rehimeng Duterte lalo kung ikukumpara sa pangangasiwa ng pandemya sa Vietnam, New Zealand at Taiwan. Ipinakita nila ang halaga ng malakas na sistemang pangkalusugan, *mass testing* at matuling *contact tracing*. May mga palatandaang makatutulong ang bakuna sa pagpigil sa pagkalat ng bayrus, pero kailangan pa itong patunayan sa darating na mga buwan, lalo't may bagong mga baryant o klase ng Covid-19 na mas mabilis kumalat at posibleng hindi talaban ng bakuna. Ang napatunayan na sa karanasan na ang prinsipal na salik sa matagumpay na pagkontrol sa pandemya ay ang estadong may kakayahan at sapat na rekurso para sa pampublikong kalusugan.

Ang problema, sa harap ng nagpapatuloy na pandemya, iba ang prayoridad ng palpak na gubyerno ni Duterte. Sa badyet ngayong taon, kulang na kulang ang inilaang pondo para sa bakuna sa Covid-19 kaya kaliwa't kanan ang pangungutang para lamang may maipambili. Wala rin itong inilaang pondo para sa libreng *mass testing* at mabilisang *contact tracing*, pero todo-buhos ang pondo para sa militar at pulis at sa National Task Force to End Local Communist Armed Conflict (NTF-ELCAC).

Dahil walang ginawa para palakasin ang sistemang pangkalusugan at umasa lamang sa mga solusyong militar at pulis, tiyak na mabibigo ang rehimeng Duterte na kontrolin ang pandemya, at kaakibat nito, tiyak na papalya sa pagpapasigla ng ekonomya. Wala itong ibang patutunguhan kundi ibayong krisis, mas malalang disempleyo, pagkalugi ng mga negosyo, kawalan ng kita, pagtumal ng produksyon, pagtaas ng presyo, hirap at gutom.

Sa harap ng labis na pagdurusa ng bayan dulot ng pandemya at krisis sa ekonomya, walang-habas na kampanya ng panunupil ang pinaprayoridad ng pasistang rehimen. Sa nagdaang mga buwan, lalong mas malupit at nakamamatay ang mga dagok ng pasistang estado laban sa demokratikong mga pwersang kumokontra sa anti-mamamayang mga patakaran at pamamalakad.

Sa ilalim ng Anti-Terror Law at sa utos ni Duterte na "patayin lahat ng komunista," ikinumpas ng NTF-ELCAC, huntang militar ni Duterte, ang serye ng koordinadong mga pagpaslang at pag-aaresto sa Southern Tagalog, Bicol, Panay, at sa National Capital Region. Duguan ang mga kamay ni Duterte at ng kanyang mga pasistang kampon sa dumaraming bilang ng kanilang mga biktima. Dagdag sa AFP at PNP, ginagamit nito ang mga korte, iba pang ahensya ng gubyerno at lokal na yunit ng gubyerno bilang pamato sa maruming gera ng terorismo ng estado para patahimikin at supilin ang buong bayan.

Dapat lamang na buong-lakas na kundenahin ang maramihang pagpaslang ng uhaw-sa-dugong si Duterte. Hanggang hindi napahihinto, ang kahayukan niya sa pagpaslang ay patuloy na hahantong ito sa mas maraming masaker at maramihang pagpaslang sa hinaharap. Walang ibang layunin si Duterte kundi ang daigin sa takot at pagwatakwatakin ang bayan, para tiyaking makapanatili siya sa pusisyon at mapalawig ang kanyang korap na pampulitikang dinastiya lagpas pa sa 2022.

Sa halip na matakot, dapat pag-ibayuhin ng bayan ang kanilang tapang at puspusang ilantad, batikusin at labanan ang kampan-

"Labanan...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo LII Blg. 6 | Marso 21, 2021

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles. Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Labanan ang pasistang *lockdown* at panunupil 1
17 armas, nakumpiska ng BHB 3
Nagkakaisang layunin ng Pulang mandirigma 3
Kayod-kalabaw ang kababaihang magsasaka 4
Mga protesta 4
1 milyong kababaihan, nawalan ng trabaho 5
Manipulasyon sa presyo ng mga langis 6
Pagmimina ng *magnetite* sa Cagayan 7
Sa madaling salita 8
*Red-tagging* sa mga guro at kawani 9
"Bloody Sunday" sa Southern Tagalog 9
Lider ng Partido, brutal na pinaslang 9
Giriang militar ng US-China, paiigtingin 10

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Labanan...," mula sa pahina 2

yang panunupil ng rehimeng US-Duterte at ang anti-demokratiko, militarista at palpak na tugon nito sa pandemya. Kaakibat nito, dapat walang pagod nilang ihayag ang kanilang mga hinaing at igiit ang pagtataas sa sahod, pagbababa sa presyo ng langis, pagkain at iba pang bilihin, kagyat na ayuda para sa lahat ng nagdarahop, at iba pang kailangang mga hakbangin para sa kanilang kapakanan.

Habang nakatuon ang ilang grupo sa eleksyong 2022, dapat ituon ng masang Pilipino ang kanilang pagsisikap sa maramihang pagkilos sa lansangan upang ipamalas ang kanilang kolektibong galit at ipanawagan ang pagwawakas sa pasistang tiraniya. Kasabay nito, walang pagod na kikilos ang Bagong Hukbong Bayan para ipagtanggol ang masa at parusahan ang mga pasistang may mabibigat na krimen sa bayan. AB

# Nagkakaisang layunin ng mga Pulang mandirigma

Pinagtutugma ng hangarin para sa rebolusyonaryong pagbabago ang iba't ibang salaysay ng mga Pulang mandirigma na nagmula sa magkakaibang katayuan sa buhay. Sa loob ng Bagong Hukbong Bayan (BHB), nagkakaisa ang mga inaaping uri at sektor na maglingkod sa masa, buuin ang kanilang lakas at baguhin ang lipunan.

Minana ni Ka Kiko, 19, ang pasanin ng matatanda na niyang magulang. Dahil walang sariling lupa, natulak siyang magpaalipin sa panginoong maylupa, at araw-gabing kumayod para ibenta ang mais nang halos libre. "Laging ipinagpapaliban ng *buyer* na bilhin ang mais matapos kong pupulin, kasi daw basa pa. Pero murang-mura pa rin ang bili kinalaunan."

Naging kasapi siya ng Kabataang Makabayan kung saan natutunan niya kung paano baguhin ang sistemang ito at lumikha ng mas maayos na kinabukasan. Sumapi siya sa BHB sa kalaunan.

Katorse anyos naman si Ka Yoyo nang maranasan ang bangis ng mga sundalo. Nag-iigib sila noon ng kanyang tiyuhin nang makasalubong ang mga sundalo. Binugbog sila sa paratang na mga myembro sila ng hukbong bayan.

"Saludo talaga ako sa hukbo. 'Kapag may nakasalubong na masa, kinukumusta sila sa presyo ng mais, ng abono. Pero kapag ang mga sundalo ang makasalubong ng masa, 'nasaan ang mga NPA?' ang agad na itinatanong" pagkukumpara ni Yoyo, na sumapi nang umabot na sa hustong edad.

Nang nasa hukbo na ay nakaranas ng panggigipit mula sa mga sundalo ang kanyang magulang. Kinukumbinsi siyang pauwiin kapalit ang bagong bahay at kalabaw. Hindi

"Nagkakaisang...," sundan sa pahina 4

"17 armas...," mula sa pahina 1

**Sa iba pang bahagi ng bansa**

**Ozamiz City.** Tinambangan ng BHB-Misamis Occidental ang mga tropa ng 10th IB sa Barangay Guimad noong Marso 6. Walo ang patay at isa ang sugatan sa mga sundalo na noo'y naglulunsad ng operasyong kombat sa lugar. Matapos nito, binomba ng Air Force ang lugar ng pinangyarihan. Nagdulot ito ng pagkawasak sa kalikasan at mga sakahan.

**Quezon.** Inambus ng isang yunit ng BHB-Quezon ang nag-ooperasyong tropa ng 201st IBde sa Sityo Colong, Barangay San Francisco B, Lopez noong Marso 5. Tatlo ang patay at isa ang sugatan na sundalo.

**Occidental Mindoro.** Inisnayp ng isang yunit ng BHB-Mindoro ang nag-ooperasyong tropa ng 4th IB sa Barangay Manoot, Rizal noong Marso 3. Isang linggo nang nanghahalihaw ang mga pasistang sundalo sa magkakaratig na barangay.

**Western Samar.** Binigo ng isang yunit ng BHB-Western Samar ang atake ng higit 100 nag-ooperasyong tropa ng 46th IB sa Barangay Canlobo, Pinabacdao noong Pebrero 8. Dalawa ang naiulat na napaslang sa 46th IB. Matapos ang sagupaan, naghulog ng walong bomba mula sa himpapawid at apat na beses na kinanyon ng mga sundalo ang pinangyarihan ng labanan. Nangistraping din ito sa loob ng 45 minuto.

**Panay.** Anim na opensiba ang inilunsad ng BHB-Panay labans sa militar at pulis na responsable sa masaker at panag-aaresto ng mga Tumandok sa nagdaang mga buwan. Dalawa ang napaslang at lima ang sugatan sa mga berdugo.

Noong Marso 11, pinaputukan ng BHB ang mga tropa ng 12th IB na naglulunsad ng Retooled Community Support Program (RCSP) sa Barangay Panuran, Lambunao. Pinaputukan din nito ang rumespondeng mga sundalo sa Barangay Agcarope, Janiuay. Sa sumunod na araw, pinasabugan ang isang sasakyan ng pulis sa Barangay Pughanan, Lambunao. Dalawa ang nasugatan sa mga pulis.

Noong Marso 3, pinasabugan din ng BHB ang sasakyan ng mga pulis sa Barangay Canawili, Janiuay.

Sa Southern Iloilo, pinaputukan ng BHB ang mga sundalo ng 79th IB sa Barangay Iglilico, San Joaquin noong Pebrero 18. Dalawa ang naiulat na napatay at tatlo ang sugatan sa hanay ng militar.

Sa Capiz, pinaputukan noong Pebrero 26 ng BHB ang mga tropa ng 12th IB na naglulunsad ng RCSP sa Barangay Buri, Tapaz. AB

# Kayod-kalabaw ang kababaihang magsasaka

Sinasabing isang "di nakikitang" pwersa sa paggawa ang kababaihang magsasaka. Sa datos ng Center for Women's Resources noong 2018, 644,000 lamang na kababaihan ang ibinilang ng estado sa sektor ng agrikultura. Ang napakaliit ng bilang na ito ay dahil kalakhan sa kanila ay walang sariling lupa at nakakategorya bilang mga "maybahay." Ito ay sa kabila ng partisipasyon nila sa lahat ng bahagi ng produksyon—mula sa pagtatanim, pag-aabono, pagbubunot ng damo, hanggang sa pag-aani, pagbibilad, pagsasako at pagbebenta. Liban sa direktang pagsasaka, gumagampan sila ng pansuportang mga gawain gaya ng paghahanda ng pagkain, binhi at iba pa.

Hindi sinusukat at tinutumbasan ng halaga ang kanilang oras sa paggagawaing bahay at pag-aalaga ng mga anak. Dahil nakaatang sa kanila na pagkasyahin ang kita sa gastusin ng pamilya, obligado silang mangutang o maghanap ng dagdag na kita. Mas madalas silang nababaon sa utang, kumpara sa kalalakihan dahil dito.

Sa nakaraang taon, lalupang kumitid ang partisipasyon ng kababaihang magsasaka sa pwersa sa paggawa sa kabila ng doble o tripleng pagkayod nila para maitaguyod ang kanilang mga pamilya. Pasan nila ang pagkawala ng kita at trabaho sa pagsasaka na idinulot ng tila walang katapusang *lockdown*. Hirap si-

*"Kayod-kalabaw...," sundan sa pahina 5*

---

*"Nagkakaisang...," mula sa pahina 3*

nagpalinlang si Yoyo, kaya't sa kabiguan ay pinalayas ng militar ang kanyang pamilya sa baryo, bagay na gumatong sa kanyang galit sa kaaway.

Pitong taon na ang nakalipas mula nang bugbugin siya ng mga sundalo. Hindi na iyon mauulit pa. Kasapi na siya ng hukbong bayan na nagtatanggol sa masang api at dudurog sa kaaway.

Hinahangad din ni Ka Laura at Ka Eunice na baguhin ang sistema kung saan nagpapakasasa ang mga employer sa talino at kakayahan ng tulad nilang mga prupesyunal. Bilang mamamahayag sa isang malaking kumpanyang dyaryo, dumanas si Ka Laura ng pambabarat sa sahod at mga benepisyo. Sa proseso ng kanyang trabaho ay lalo siyang namulat sa pagkabulok ng mga pulitiko na sinasamantala ang kagipitan ng tulad nilang maliliit na mamamahayag upang pabanguhin ang masangsang na reputasyon ng mga upisyal.

Nag-*resign* si Ka Laura matapos mapagtantong hindi niya kayang pagsilbihan ang isang institusyong ipokrito at minabuting mamasukan sa isang institusyong nagtataguyod ng *social action* para sa mga kabataan. Mula sa institusyong ito, nagpultaym bilang aktibista si Ka Laura. Mula roon, marami siyang nakasalamuhang tao, hanggang nagkaroon ng pagkakataong makipamuhay sa isang komunidad ng magsasaka kung saan nakilala niya ang mga Pulang mandirigma. Kalaunan, nakumbinsi siyang magpultaym sa hukbong bayan.

Nagsusulat pa rin hanggang ngayon si Ka Laura, hindi na para sa malaking kumpanya, kundi para sa rebolusyon.

Batid naman ni Ka Eunice ang tungkulin ng mga intelektwal sa rebolusyon. Sa kanyang anim na buwan sa hukbong bayan, marami na siyang naging estudyante sa literasiya at numerasiya, kapwa Pulang mandirigma at masa. Nakapagtapos siya ng AB English. Naging guro siya sa loob ng anim na taon. Sa Pulang paaralan, naipagpapatuloy niya ang pagtuturo sa mga kasama at masa sa gitna ng panganib, at kakapusan ng masa.

**Araw ng Kababaihan.** Higit isanlibo ang nagmartsa tungong tulay ng Mendiola sa Maynila para gunitain ang Pandaigdigang Araw ng Kababaihang Anakpawis noong Marso 8. Sa pangunguna ng Gabriela, iginiit ng mga organisasyon ang kagyat na ayuda, kabuhayan, sahod at trabaho. Naglunsad din ng kasabay na mga protesta sa Baguio City, Bulacan, Naga City, at Iloilo City.

**Isang taong *lockdown*.** Nagprotesta ang 150 myembro ng mga pambansa-demokratikong organisasyon sa harap ng Commission on Human Rights sa Quezon City noong Marso 17 para gunitain ang pag-iisang taon ng *lockdown* na ipinataw ni Rodrigo Duterte sa Luzon. Giit nila ang ligtas at libreng bakuna, ₱10,000 ayuda at pagwawakas sa militaristang *lockdown*. Inilunsad ang kaparehong mga protesta sa iba pang bahagi ng Metro Manila, Laguna, Baguio City at Central Luzon. Noong Marso 15, nagprotesta rin sa Quezon City ang mga myembro ng Kadamay, Anakbayan at Piston.

**Ipagtanggol ang Southern Tagalog.** Isang protesta ang inilunsad ng mga organisasyong masa para kundenahin ang pamamaslang sa Southern Tagalog at kagyat na pagpapalaya sa mga inaresto sa tinaguriang "Bloody Sunday" sa Calamba, Laguna noong Marso 16. Nagkaroon din ng katulad na mga pagkilos ang mga aktibista sa US, France at Australia.

**Kontra-pribatisasyon ng palengke sa Cebu.** Tatlong daang manininda at kanilang mga tagasuporta ang nagprotesta sa harap ng upisina ng meyor ng Cebu City noong Marso 17 para tutulan ang bantang pribatisasyon ng palengke. Ikatlong linggo na ito ng protesta ng mga manininda. Balak ng lokal na gubyerno na igawad ang kontrata sa pagpapaunlad ng palengke sa Megawide Construction Corporation ng pamilyang Consunji.

*"Kayod-kalabaw...," mula sa pahina 4*

lang makahanap ng mga trabahong "sideline" na pandagdag ng kita dahil sa mga restriksyon sa kilos kahit sa loob ng mga baryo.

"Halos kalahati lang ang kinita namin sa ani noong 2020 kumpara sa nakaraan," salaysay ni Jeni, katuwang na magsasaka sa maliit na maisan na inuupahan ng kanyang asawa. Nagkulang sila sa pestisidyo, binhi at abono dahil hindi sila nakahabol sa pagbili bago ang biglaang *lockdown* na nagpasara sa mga tindahan. Walang kamag-anak ang nakatulong sa kanila sa bukid dahil sa mga restriksyon. Nahirapan silang ibenta ang kanilang produkto dahil wala silang masakyan.

Para makadagdag ng kita, namasukan si Jeni bilang labandera dalawang beses kada linggo. Tumanggap siya ng ₱250 para sa buong araw na paglalaba. Pero kahit maghapon siyang kumayod, kulang na kulang pa rin ang kanyang ipon.

"Grabe ang *stress* sa kaiisip kung paanong pagkakasyahin ang maliit na kita," aniya. "Mas madalas na kamote o bigas-mais ang almusal ng mga bata imbes na kanin. Di rin laging nasa oras ang kain."

Sa ginawang mga sarbey sa Pilipinas at ibang bansa, mas mabigat sa kaisipan ng kababaihan ang *lockdown* kumpara sa kalalakihan dahil sila ang karaniwang nag-aasikaso sa kanilang mga pamilya. Sa kalagayang gipit ang kita para sa pang-araw-araw na pangangailangan, hindi nila lubos maisip kung ano ang gagawin sakaling magkasakit ang isa sa kanila sa panahon ng pandemya. Pinakamataas ang *stress* na nararanasan ng mga ina, laluna ng may mga anak na may edad 18-pababa. Ito ay dahil sa tradisyunal na pag-ako ng mga ina sa responsibilidad ng pag-aalaga at pagtitiyak sa kalusugan ng kanilang mga anak.

Sa kaso ni Jeni, nag-aaral pa ang tatlo niyang anak. Hati ang oras niya sa pagtutok sa pag-aaral ng mga bata at paghahanap-buhay. "Kumakain ng malaking oras ang pagsagot sa modyul na sana ay nailalaan sa iba pang gawain na mapagkakakitaan."

Pinagmumulan din ng *stress* sa pagitan ng ina at mga anak ang *blended learning*. Sa kaso ni Thelma, hindi na niya nakatutuwang sa gawaing bahay ang kanyang mga anak na nakatutok sa pagsagot ng mga modyul. "Ang hirap nang utusan," aniya. Bagamat pangunahing trabaho ni Thelma ang paggagawaing bahay, tumutuwang siya sa kanyang asawa sa panahon ng taniman at anihan.

Tulad ni Jeni, bumagsak ang kita ng pamilya ni Lola Norma sa ilalim ng *lockdown*. Sa pagtatanim ng singkamas at gulay sila kumikita ng kanyang asawa. "Hindi namin naibenta ang ibang ani," sabi niya, "dati, sa mga eskwelahan kami nagbebenta kaya bawas talaga ang kita."

Para madagdagan ang kita, nag-aalaga ng baboy at iba pang hayop si Norma. Dagdag pa rito, nagbebenta rin siya ng singkamas at gumagampan ng samutsaring gawaing bahay kung kaya't wala siyang panahon para tulungan ang mga apong nag-aaral na nasa kanyang pangangalaga.





## Mahigit 1 milyong kababaihan, nalaglag sa pwersa sa paggawa

MAHIGIT ISANG MILYONG kababaihan ang nalaglag sa pwersa sa paggawa noong nakaraang taon. Halos doble ito sa bilang ng kalalakihan (600,000) na nalaglag sa parehong panahon.

Sa gayon, 19.7 milyon o mahigit kalahati ng kababaihang may edad 15-pataas ang hindi itinuturing na bahagi ng pwersa sa paggawa. Sa mahigit 37 milyong kababaihang nasa naturang mga edad, 17.4 milyon lamang ang nasa pwersa sa paggawa. Kabilang sa mga inilaglag ang kababaihang nag-aaral, mga maybahay, mga nakulong o hindi makakilos dulot ng *lockdown*, mga maysakit, at mga naghihintay ng resulta sa inaplayan nilang trabaho. Dati nang mababa ang tantos ng partisipasyon ng kababaihan sa pwersa sa paggawa kumpara sa kalalakihan. Sa pinakahuling estadistika, nasa 46.9% lamang ang tantos ng paglahok ng kababaihan sa pwersa sa paggawa kumpara sa 73.9% sa kalalakihan.

Sa taya ng Ibon Foundation, mahigit 10 milyong Pilipino, at hindi 4 na milyon lamang tulad ng taya ng estado, ang walang trabaho noong Enero. Mas mataas din ang tantos ng disempleyo sa hanay ng kababaihan (8.8%) kumpara sa kalalakihan (8.7%). Malaking bahagi rin ng kababaihan (13.4%) ang kulang sa trabaho noong nakaraang taon.

# Manipulasyon sa presyo ng langis

*Una sa dalawang-bahaging serye kaugnay sa industriya ng langis sa Pilipinas.*

Kasuklam-suklam ang pagkakamal ng super-tubo ng mga kumpanya sa langis habang ang mamamayang Pilipino ay dumaranas ng labis na hirap sa gitna ng matinding krisis sa ekonomya at pandemya. Nioong Marso 17, muli na namang itinaas ang presyo ng mga produktong petrolyo. Simula Enero 6, ito na ang ika-8 ulit na itinaas ang mga presyo, mahigit dalawa't kalahating ulit na mas madalas kaysa mga pagkakataong ito'y ibinaba.

Sumatutal, sa loob ng humigit-kulang 50 araw, hindi bababa sa ₱5.70 na ang itinaas ng presyo ng kada litro ng *diesel*, ₱4.61 sa regular na gasolina, ₱4.27 sa *unleaded* at ₱5.01 sa kerosin.

Sinasamantala ng mga kumpanya sa langis ang paglaki ng benta ng *diesel* at iba pang produkto matapos limitadong buksan ang transportasyon. Nais nilang mabilis na makapagkamal ng tubo para mabawi agad ang nabawas sa kanilang kita noong nakaraang taon. Nagmamadali sila sa pangambang muling magpataw ang rehimen ng mga restriksyon sa harap ng pandemya.

Pinalalabas na ang pagtaas-baba ng presyo ng langis ay natural na paggalaw depende sa presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. Pero walang malinaw na pormula sa pagtatakda nito. Ang totoo, itinatakda ang lokal na presyo ng aregluhang kartel sa pagitan ng mga kumpanya sa langis.

Ang taas-baba ng presyo ng mga produktong petrolyo ay bunsod ng manipulasyon ng mga kumpanya sa langis. Ginagawa ito upang makuha ng mga kumpanya ang maksimum na tubo sa pagbebenta ng kanilang kalakal. Mas madalas na tumataas ang mga presyo kaysa bumababa. Mula 2017, mas malimit nang 1.2 beses ang pagtataas ng presyo ng mga produktong langis kumpara sa pagbabawas. (*Tingnan ang Talahanayan 1*).

Bukod sa mas madalas na pagtaas, mas matagal ding ipinapako ang presyo ng mga produktong petrolyo matapos itaas ang mga ito kaysa matapos ibaba. Mula Enero 6 hanggang Marso 11, 49 na araw na nanatili ang presyo matapos itaas samantalang 15 araw lamang matapos ibaba. Ganito rin ang nangyayari sa nakalipas na mga taon. (*Tingnan ang Talahanayan 2*). Totoo ito kahit mahina ang bentahan noong 2020.

Kung hihimay-himayin ang datos, makikita na hindi rin lubos na totoo ang sinasabi ng mga lokal na kumpanya sa langis na ang pagtaas at pagbaba ng presyo ng mga produktong petrolyo ay salamin lamang ng paggalaw ng presyo ng krudong langis. Makikita na mas marami ang bilang ng araw na nakataas ang presyo ng mga produktong petrolyo sa Pilipinas kaysa bilang ng araw na tumaas ang presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan. (*Tingnan ang Talahanayan 3*).

Dapat batikusin ang ganitong manipulasyon sa presyo ng mga kumpanya sa langis. Dumaragdag ito sa lubha nang mabigat na pasanin ng sambayanang Pilipino, laluna ng mga manggagawa, magsasaka at malaproletaryado. Ang pagtataas ng presyo ng *diesel* at gasolina ay lalong nagtutulak sa pagtaas ng presyo ng pagkain, transportasyon at iba pang batayang bilihin at mga serbisyo.

Marapat lamang na igiit ng mamamayang Pilipino na irolbak o ibaba ang presyo ng mga produktong langis para maibsan nang kahit kaunti ang kanilang pasanin. Makatwiran na igiit nilang ikontrol ang presyo ng mga produktong petrolyo at magkaroon ng moratoryum sa pagtataas ng presyo nito. Dapat din nilang itulak ang pagbasura sa 10% na buwis na ipinataw ni Duterte sa panahon ng pandemya, dagdag pa sa nauna nang ipinataw sa pamamagitan ng batas na TRAIN na parehong ipinapasa ng mga kumpanya sa langis sa mga mamimili. AB

**Talahanayan 1**
**Beses na tumaas o bumaba ang presyo ng produktong langis mula 2017**

| PRODUKTO | PAGTAAS | PAGBABA |
|---|---|---|
| SUPER UNLEADED | 103 | 71 |
| PREMIUM UNLEADED | 98 | 74 |
| REGULAR | 99 | 75 |
| DIESEL | 95 | 77 |
| DIESEL PLUS | 90 | 83 |
| KEROSENE | 103 | 71 |

*Pinagkunan: Department of Energy*

**Talahanayan 3**
**Bilang ng araw na tumaas ang presyo ng krudong langis sa pamilihang Brent**


| TAON | ARAW NA TUMAAS |
|---|---|
| 2017 | 136 |
| 2018 | 124 |
| 2019 | 139 |
| 2020 | 135 |
| 2021 | 30 |

*Pinagkunan: Energy Information Administration ng US*

**Talahanayan 2**
**Bilang ng araw (abereyds) na nakapako ang presyo matapos itaas at matapos ibaba**

| TAON | NAKATAAS | PAGBABA | AGWAT | RASYO |
|---|---|---|---|---|
| 2017 | 138 | 134 | 4 | 1.03 |
| 2018 | 201 | 155 | 46 | 1.30 |
| 2019 | 202 | 134 | 68 | 1.51 |
| 2020 | 174 | 171 | 3 | 1.02 |
| 2021 | 49 | 13 | 36 | 3.77 |

*Pinagkunan: Department of Energy*



# Pagmimina ng *magnetite* sa Cagayan

Sinimulan na noong nakaraang buwan ang tinaguriang Cagayan River Rehabilitation Project, isang programa sa paghuhukay ng maitim na buhangin (tinatawag na *black sand* na nagtataglay ng mineral na *magnetite*) sa bahagi ng Cagayan River sa bayan ng Gonzaga para umano "pigilan ang pagbara" nito. Ang *magnetite* ay pangunahing sangkap na ginagamit sa paggawa ng asero.

Noon pang 2010 nagsimula ang eksplorasyon ng iba't ibang mga kumpanya sa ilog at dagat ng prubinsya. Pero matagal na nabimbin ang planong magsagawa ng malawakang pagmimina dulot ng mariing pagtutol ng mga residente at grupong makakalikasan.

Para ilusot ang proyekto, pinalabas ng mga upisyal ng rehimen na "rehabilitasyon at restorasyon" ng Cagayan River ang pangunahing layunin nito. Iniratsada ang pagpirma ng kontrata para rito noong Disyembre 2020, ilang linggo matapos na manalasa ang bagyong Ulysses na nagdulot ng matinding pagbaha sa prubinsya. Iginawad ito sa kumpanyang JDVC Resources Corp., subsidyaryo ng Apollo Global na pag-aari ng burges kumprador na si Vittorio Paulo Lim.

Nakasaad sa permit na pinahihintuluan ang kumpanya na minahin ang mga mineral na rekurso sa 1,902 ektarya ng ilog at dagat na saklaw ng Mineral Production Sharing Agreement (MPSA) nito. Ito na ang pinakamalaking konsesyon sa *offshore mining* (pagmimina sa karagatan) sa buong bansa. Tinatayang matatagpuan sa erya ng konsesyon ang aabot sa 632 milyong metrikotoneladang *black sand*. Lahat ng makukuhang mineral dito ay direktang ipadadala sa China.



Noong Enero, 76 organisasyong makakalikasan ang nagpetisyon para ipatigil ang naturang proyekto. Anila, mapangwasak ang gagawing pagmimina ng *magnetite* sa sistemang pang-ekolohiya o buhay ng dagat. Sisirain nito ang protektadong mga rekursong dagat tulad ng mga *coral reef* at halamang dagat na krusyal na pagkain ng naglalaho nang mga hayop tulad ng dugong at balyena. Magtatambak ito ng maruming kemikal mula sa mga operasyon ng pagpoproseso na gagawin sa malalaking barkong magsasagawa ng paghuhukay. Papatayin nito hindi lamang ang mga halamang dagat at ang mga isdang nabubuhay dito, kundi pati na rin ang kabuhayan ng mga mangingisdang nakaasa rito.

**Ika-26 taon ng Philippine Mining Act of 1995**

Noong Marso 3, eksaktong 26 na taon na ang nakalilipas mula nang ipatupad ng reaksyunaryong estado ang Philippine Mining Act of 1995. Ang batas na ito ang nagbuyangyang sa bansa sa todong paninibasib ng dambuhalang dayuhang mga kumpanya sa mina at kanilang mga kasosyong burges kumprador. Ayon sa pinakahuling datos ng Mines and Geosciences Bureau, nag-oopereyt sa bansa ang hindi bababa sa 503 na kumpanya sa pagmimina at pagkakwari na sumasaklaw sa 723,238 ektaryang lupa sa iba't ibang panig ng bansa.

Pinakamalaki sa mga ito ang Financial or Technical Assistance Agreement (FTAA) para sa operasyon ng Sagittarius Mines, Inc. na nagmimina ng ginto at tanso sa South Cotabato, Sultan Kudarat at Davao del Sur (26,502 ektarya); at Agusan Petroleum and Mineral Corporation na nagmimina ng ginto at pilak sa isla Mindoro (46,051 ektarya). Nakabimbin ngayon ang aplikasyon para sa pagpapalawig ng FTAA ng kumpanyang Oceanagold na nagmimina ng ginto at tanso sa Nueva Vizcaya at Quirino (9,238 ektarya) matapos itong mapaso noong 2019.

Sa mga FTAA at MPSA na may bisa hanggang sa kasalukuyan, pinakamalaki ang kabuuang eryang saklaw ng mga minahan ng ginto (187,671 ektarya) *nickel* (125,748 ektarya), *magnetite*, pilak (70,041 ektarya) at tanso (55,583 ektarya). Noong 2019, tinatayang nasa 153 toneladang ginto ang kabuuang inieksport ng Pilipinas na nagkakahalaga ng ₱64 bilyon. Halos lahat nito (135 tonelada) ay napunta sa Hong Kong. Pinakamalaki naman ang inieksport na tanso ng bansa sa China (294,786 tonelada).

Sa kabila ng matinding pangwawasak na idinudulot ng mga ito sa kalikasan, napakaliit lamang ng ambag ng mga minahan sa kabuuang pag-unlad ng lokal na ekonomya. Noong nakaraang taon, tinatayang ₱133 bilyon lamang ang kinita ng reaksyunaryong gubyerno sa sektor ng pagmimina at pagkakwari o katumbas lamang ng 0.7% ng kabuuang *gross domestic product*. Maliit lamang ang kaibahan nito sa naitalang hati ng sektor na 0.8% bago pa man manalasa ang pandemya noong 2019. AB

# #DutertePalpak

**nag-*trending* sa *social media***

noong **Marso 15** sa unang **anibersaryo** ng pagpataw ng ***lockdown*** sa bansa.

## 1SAMBAYAN

koalisyong itinatag ng oposisyon sa pulitika para labanan ang kandidatura ng pangkating Duterte sa 2022.

Isa sa mga tumatayong *convenor* nito si Ret. Supreme Court Justice Antonio Carpio.


## 172,304

ang bumoto ng "**NO**"

laban sa **122,223** na bumoto ng "**YES**" sa **paghahati ng Palawan**

sa tatlong prubinsya sa plebisito noong Marso 13.





## Lumobo tungong 37%

ang kabuuang hati ng **US** sa **pandaigdigang eksport ng mga armas** noong 2016-2020 **mula 32%** noong 2011-2015. US ang nangungunang eksporter ng mga armas sa buong mundo.

*Pinagkunan: Stockholm International Peace Research Institute (SIPRI)*

## 931 M tonelada



## pagkain ang nasasayang

o tinatapon na lamang kada taon sa buong mundo. Binubuo nito ang 17% ng kabuuang bolyum ng pagkain na kaya pa sanang kainin.

*Pinagkunan: United Nations Environment Programme Food Waste Index Report 2021*

## 240,000

manggagawang pangkalusugan pa lamang ang nababakunahan laban sa Covid-19

**wala pa sa sangkapat** ng kabuuang **donasyong bakuna** na natanggap ng bansa mula huling linggo ng Pebrero.

*Pinagkunan: Department of Health*

## 150 taon

na nakalipas nang itinatag ang **Paris Commune**

ang **kauna-unahang gubyernong itinatag ng uring manggagawa.** Nagtagal ito ng 72 araw (Marso 18 hanggang Mayo 28) bago madugong nagapi ng burgesya. Ang mga halaw na aral nito ay patuloy na gumagabay sa mga proletaryong rebolusyonaryo hanggang sa ngayon.

## Bawiin ang mga lansangan

### panawagan ng mga protesta sa London

para gawing ligtas ang mga lansangan para sa kababaihan. Bunsod ang mga pagkilos ng **pagdukot** at **pagpaslang** ng isang **pulis kay Sarah Everard** habang naglalakad siya pauwi sa kanyang bahay.

# Pagbubuo ng militar at pulis ng *hitlist*, nabunyag

Nabunyag kamakailan ang pangangalap ng rehimeng Duterte ng mga pangalan ng mga guro, kawani at abugadong target para sa sistematikong *red-tagging* at "nyutralisasyon." Noong Marso 10, naisapubliko ang isang *memorandum* ng Department of Interior and Local Government na nag-utos sa mga ahensya ng estado na ilista at isumite sa pulis at militar ang mga pangalan ng mga guro at kawaning myembro ng Alliance of Concerned Teachers at Courage.

Bago nito, nabunyag ang paghingi ng hepe ng paniktik ng Calbayog City sa Samar na si Police Lt. Fernando Calabria, Jr. sa lokal na korte ng listahan ng mga abugado ng mga inaakusan nitong may kinalaman sa armadong kilusan. Humingi pa siya ng payo sa korte kung paano "inyutralisa" ang naturang mga abugado.

Umaabot na sa 61 abugado ang pinatay sa ilalim ng rehimeng Duterte.

**Iligal na pag-aresto.** Inaresto nitong Marso 21 si Renalyn Tejero, isang paralegal ng Karapatan-Caraga sa Barangay Lapasan, Cagayan De Oro City. Dati siyang estudyante ng Alcadev. Hanggang ngayon, hindi pa alam kung saan siya dinala ng mga pulis.

Noong Marso 17, inaresto si Rosanilla Consad, *secretary general* ng Alliance of Concerned Teachers-Caraga at *assistant principal* ng San Vicente National High School sa Barangay Humabon, Butuan City. Dati nang ni-*red-tag* si Consad at ipinailalim sa sarbeylans. Nakalaya siya matapos magpyansa noong Marso 20.

Sa Iloilo, inaresto ng mga sundalo si Julie Lago, kasapi ng Katilingban sang mga Mangunguma nga Imol sa Janiuay sa kanyang bahay sa Mañacabac, Janiuay noong Marso 16. Inakusahan siyang kasapi ng BHB. Sa katulad na mga kaso, tinamnan ng mga armas at "subersibong" dokumento ang kanyang tinitirhan. AB

## "Madugong Linggo" sa Southern Tagalog, kinundena

KALIWA'T KANAN ANG pagkundena ng mga indibidwal, organisasyon at maging mga ahensya ng estado sa pagpatay sa siyam na aktibista at pag-aresto sa anim pa noong Marso 7 sa tinaguriang "Madugong Linggo" sa apat na prubinsya sa Southern Tagalog.

Maliban sa limang biktimang unang naiulat ng *Ang Bayan* noong Marso 7, ang apat na pinaslang sa tinaguriang COPLAN ASVAL ay ang magkapatid na sina Puroy dela Cruz at Randy dela Cruz sa Sityo Mina, Barangay Sta. Inez, Tanay, Rizal. Mga kasapi sila ng grupong Dumagat Sierra Madre. Gayundin, binaril hanggang sa mapatay sina Abner at Edward Mendoza, mga myembro ng San Isidro Kasiglahan, Kapatiran at Damayan para sa Kabuhayan, Katarungan at Kapayapaan sa Sityo Macaingalan, Barangay Puray, Rodriguez, Rizal.

Tinawag itong "masaker" ng isang "mamamatay na rehimen" ni Vice Pres. Leni Robredo. Nagpahayag naman ng labis na pagkabahala ang United Nations, mga internasyunal na organisasyon sa karapatang-tao, akademiko, simbahan at maging ang Commission on Human Rights.

Pinagbantaan at tinangka pang arestuhin ng mga pulis ang mga kamag-anak ng mga biktima sa isang punerarya sa Antipolo City noong Marso 10 para kunin ang mga bangkay ng kanilang mga kaanak. Nabawi lamang nila ang mga labi dulot ng paggigiit ng kanilang mga tagasuporta.

Nakalaya na noong Marso 15 si Elizabeth Camoral, tagapagsalita ng Bayan-Laguna, habang nananatiling nakadetine ang 5 pang aktibista. AB



## Lider ng Partido at kanyang asawa, brutal na pinaslang

DINUKOT, ILANG BUWAN na idinetine nang palihim, at tinortyur bago pinatay sa pamamagitan ng paggarote ang mag-asawang sina Antonio Cabanatan, 74, at Florenda Yap, 65. Iniwan ng mga berdugo ang kanilang mga bangkay sa isang bahay sa Barangay Botong, Oton, Iloilo noong Disyembre 26, 2020. Ilang taon nang retirado sa Partido ang mag-asawa dulot ng sakit at katandaan.

Kinilala ng Partido ang mahaba at maningning na kontribusyon ni Cabanatan, na kilala rin bilang Kasamang Manlimbasog (Magpunyagi). Mula nang maging aktibistang estudyante noong 1967 ay tuluy-tuloy siyang naglingkod sa rebolusyon. Susing papel ang ginampanan niya sa pagpupundar ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa Cebu, Negros Oriental, Bohol, Leyte, Samar hanggang hilagang Mindanao.

Mahusay niyang pinamunuan ang rebolusyon sa Kabisayaan at Mindanao, at tumangan ng mabibigat na responsibilidad.

Mababasa ang parangal ng Komite Sentral sa Marso 17 na espesyal na isyu ng *Ang Bayan*. AB

# Giriang militar ng US-China, paiigtingin ng administrasyong Biden

Hindi nag-aksaya ng panahon ang bagong-upong administrasyong Biden para ikonsolida ang kapangyarihang militar ng US sa rehiyon ng Asia-Pacific. Sunud-sunod ang mga hakbang nito para sa pagpapatindi ng pakikipaggirian nito sa China sa larangan ng militar.

Noong Marso 11, ginanap ang kauna-unahang pulong ng mga pinuno ng Australia, Japan, India at US sa tinaguriang Quadrilateral Security Dialogue o "Quad" para pagulungin ang diplomasya sa pamamagitan ng bakuna ng US sa rehiyon. Bunga ng pulong na ito ang pagpopondo sa India ng $1 bilyon para magmanupaktura at magbenta ng bakuna sa Asia simula sa katapusan ng 2022. Pangkontra ito sa diplomasya ng China na sumaklaw sa Pilipinas, Indonesia at mga bansang malapit sa India. Tangka rin ito ng US na kontrahin ang kritisismo ng pagkopo ng milyun-milyong dosis para sa sariling gamit sa gitna ng malawakang kasalatan.

Inilalarawan ang Quad bilang alyansang militar na itinatag ng US na hindi kaiba sa North Atlantic Treaty Organization. Mula nang buuin ito ng administrasyong Obama noong 2004, nilayon ng US na palakasin ang ugnay nito sa India laban sa China.

Para saklawin ang India, kalapit na mga bansa at mga karagatan nito, pinalawak ng US ang saklaw ng erya-kumand ng US Pacific Area Command (Pacom) noon pang 2018. Itinatag ang Indo-Pacific Area Command para pagharian kapwa ang Indian Ocean at Pacific (na bumubuo sa 51% ng mundo) at palibutan ang China mula sa dalawang karagatan. Layunin ng Indo-Pacom na padalasin at sabayan ang pagpapatrulya ng China sa mga islang inangkin nito sa South China Sea. Layunin din nitong palakasin ang ugnayan sa mga militar sa Indo-Pacific sa pamamagitan ng pagtatambak at pagbebenta ng mga armas at paglulunsad ng mas malalaki at madadalas na pagsasanay-militar.

Mula 2018, dumalas ang pagpapakitang lakas ng malalaking barkong pandigma ng US sa South China Sea. Nagsagawa ng limang operasyong pandagat ang US noong 2018 at walo noong 2019 sa ngalan ng "operasyon sa malayang paglalayag." Sa panahon ng pandemya, nagsagawa ito ng siyam na gayong operasyon at 13 "transit" o pagdaan sa Taiwan Strait. Nagpalipad ito ng mga eroplanong pandigma na gumamit ng pekeng pagkakakilanlan o nagpakilalang pribado. Dumadaan, kundiman nakatigil, ang mga barko at eroplanong pandigma ng US sa karagatan ng Pilipinas.

Titindi pa sa ilalim ng administrasyong Biden ang mga operasyong ito. Noong Marso 2, inilatag ng Indo-Pacom ang hiling nito sa Kongreso ng US ng mahigit $27 bilyong badyet o ₱1.35 trilyon (sa palitang $1=₱50) para sa susunod na limang taon sa tinatawag ngayong Pacific Deterrence Initiative, isang komprehensibong programang militar laban sa China. Ito ay dating tinawag na Pacific Defense Initiative at may badyet na $6 bilyon o ₱300 bilyon noong 2020 at nakatakdang inisyal na laanan ng $4.68 bilyon sa 2021.

Iginigiit ng mga upisyal militar ng Indo-Pacom na hindi na sapat ang depensa mula sa ere at dagat lamang. Nanawagan ang mga ito ng paglalatag ng mas malawak na sistema ng mga misayl at armas na *ground-based* o nakapwesto sa lupa sa tinatawag na "first island chain." Tinutukoy dito ang Taiwan, Okinawa (Japan) at kanlurang bahagi ng Pilipinas.

Sa partikular, humihingi ang Indo-Pacom ng $408 milyon sa 2021 para sa mga armas na ibabase sa lupa at dagdag na $2.9 bilyon para rito sa susunod na limang taon. Layunin nitong buuin ang isang kontra-China na *network* ng mga misayl na may minimum na abot na 500 kilometro. Ayon sa US, may 1,250 misayl ang China na kayang abutin ang "first island chain" habang *zero* o wala ang US dulot ng pagbabawal sa nakaraan ng Intermediate-Range Nuclear Forces Treaty. Hindi na muling pinalawig ng US ang naturang tratado nang mawalan ito ng bisa noong 2019 at bwelo na ang pagmamanupaktura nito ng mga misayl na may abot na 500 hanggang 5,500 kilometro.

Liban sa Japan at Korea kung saan mayroong mga base militar ang US, dati nang tradisyunal na tambakan ng US ang Pilipinas ng naturang mga armas at misayl. Kabilang sa mga pinagtatambakan at tinataguan nito ng armas ang dati nitong base sa Subic, Zambales, ang itinayo nitong mga base sa Palawan at iba pang kampo militar ng AFP na saklaw ng Enhanced Defense Cooperation Agreement. AB

